

**UNIBERSIDAD NG CALIFORNIA, IRVINE**  
**Experimental Subject's Bill of Rights**

**Ang mga karapatang nakalista sa ibaba ay mga karapatan ng bawat indibidwal na hihilingin na lumahok sa pananaliksik na pag-aaral. Ikaw ay may karapatan:**

1. Na malaman ang kalikasan at layunin ng pag-aaral.
2. Na malaman ang tungkol sa mga pamamaraan na susundin sa pananaliksik na pag-aaral, at kung ang alinman sa mga gamot, mga devise, o mga pamamaraan ay naiiba sa gagamitin sa istandard na pagsasagawa.
3. Na tumanggap ng paglalarawan ng anumang side effect, mga masasamang dulot na pakiramdam, o mga panganib na resonable mong maaasahang mangyayari sa loob ng panahon ng pag-aaral.
4. Na masabihan ng anumang mga benepisyong resonable mong maaasahan sa iyong pakikilahok sa pag-aaral, kung naaangkop be told of any benefits that you may reasonably expect from the participation in the study, if applicable.
5. Na tumanggap ng paglalarawan ng anumang alternatibong pamamaraan, mga gamot o mga devise na maaaring makatulong, at ng kanilang mga panganib at benepisyong kumpara sa mga inilalahad na pamamaraan, mga gamot o mga device.
6. Na masabihan kung anong klase ng medikal na paggagamot, kung mayroon man, ang maaari mong magamit kung may anumang kumplikasyon na mangyayari.
7. Na mabigyan ng pagkakataong magtanong ng anumang tanong tungkol sa pananaliksik na pag-aaral bago ka sumang-ayon na lalahok, o anumang oras sa loob ng panahon ng pag-aaral.
8. Na tumanggap lumahok sa pananaliksik na pag-aaral. Boluntaryo ang paglahok. Maaari kang tumanggi na sagutin ang anumang tanong o ihinto ang iyong pakikilahok sa anumang panahon nang walang parusa o pagkawala ng mga benepisyong karapatan mong tanggapin. Ang iyong desisyon ay hindi makakaapekto sa iyong karapatan na tanggapin ang pangangalaga na tatanggapin mo kung wala ka sa eksperimento.
9. Na tumanggap ng kopya ng nilagdaan at may petsang nakasulat na form ng pahintulot at ng kopya ng form na ito.
10. Na mabigyan ng pagkakataon na malayang makapagdesisyon kung pahihintulutan o hindi ang pananaliksik na pag-aaral nang walang pamimilit, pamumuwersa, o walang kabuluhang pag-impluwensiya.

-----

Kung mayroon kang mga inaalala o mga tanong tungkol sa pananaliksik na pag-aaral kailangan mong tawagan ang pangkat ng pananaliksik na nakalista sa itaas ng form ng pahintulot.

Kung hindi mo makontak ang miyembro ng pangkat ng pananaliksi at may mga pangkalahatang tanong ka, o kung may mga alalahanin ka o mga reklamo tungkol sa pananaliksik na pag-aaral, sa pangkat ng pananaliksik, o mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan bilang subjek ng pananaliksik, pakitawagan ang Yunit ng Human Research Protections ng UCI sa Opisina ng Pananaliksik (Office of Research) sa telepono bilang (949) 824-6068 o (949) 824-2125 Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm; o sa pamamagitan ng e-mail sa [IRB@research.uci.edu](mailto:IRB@research.uci.edu); o sa pamamagitan ng pagsulat sa amin sa 160 Aldrich Hall, Irvine, CA 92697.